
9

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Ugnayan ng Kita, Pag-iimpok at Pagkonsumo




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Ugnayan ng Kita, Pag-iimpok at Pagkonsumo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Monina R. Antiquina, EMD
Editor: Nelson S. Lasagas
Tagasuri: Ronillo S. Yarag, Ramel P Cael
Tagaguhit: Pilar K. Mangila
Tagalapat: May D. Olavides, Leomar G. Paracha
Tagapamahala: Dr. Isabelita M. Briones
Eugenio B. Penales
Sonia D. Gonzales
Virgilio P. Batan Jr.
Amelinda D. Montero
Ronillo S. Yarag
Edgardo S. Cabalida

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

# 9

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Ugnayan ng Kita, Pag-iimpok at Pagkonsumo

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

| Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap |
|---|---|
| Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga pangunahing kaalaman tungkol sa pambansang ekonomiya bilang kabahagi sa pagpapabuti ng pamumuhay ng kapwa mamamayan tungo sa pambansang kaunlaran | Ang mag-aaral ay nakapagmumungkahi ng mga pamamaraan kung paanong ang pangunahing kaalaman tungkol sa pambansang ekonomiya ay nakapagpapabuti sa pamumuhay ng kapwa mamamayan tungo sa pambansang kaunlaran |

**Mga Nilalaman (Paksa/ Aralin)**

**Ugnayan ng Kita, Pag- iimpok, at Pagkonsumo**

1. Kaugnayan ng Kita sa Pagkonsumo at Pag- iimpok
2. Katuturan ng Consumption at Savings sa Pag-iimpok

**Mga Pamantayan sa Pagkatuto: Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:**

1. Naipapahayag ang kaugnayan ng kita sa pagkonsumo at pag-iimpok – **AP9MAK-IIIc- 6**
2. Nasusuri ang katuturan ng *consumption* at *savings* sa pag-iimpok - **AP9MAK-IIIc – 7**


**Inaasahang din na ikaw ay:**

**a.** nakapagbibibigay ng kahulugan ng Kita, Pag-iimpok at Pagkonsumo.
**b.** nakapaglalarawan ang ugnayan ng Kita, Pag-iimpok at Pagkonsumo.
**c.** Naisasagawa ang lahat ng Gawain sa modyul na ito.

Sa nakaraang aralin, natutunan ang tungkol sa Pambansang Kita. Dito nasuri ang Pambansang Kita/ Gross National Product – Gross Domestic Product) bilang panukat ng kakayahan ng isang ekonomiya. Nakilala rin ang mga pamamaraan sa pagsukat ng pambansang produkto at napag-alaman ang mga kahalagahan sa pagsukat ng pambasang kita.

Sa modyul na ito ay mapag-aaralan ang tungkol sa ugnayan ng Kita, Pag-iimpok, at Pagkonsumo.

Ang kakayahang kumonsumo ng tao ay nakabatay sa salapi na maaari nitong gastusin. Ang salapi namang maaaring iimpok ay nakabatay kung magkano ang matitirang salapi matapos ibawas ang salaping ginamit sa pagkonsumo. Mauunawaan sa araling ito ang ugnayan ng pangkalahatang kita, pag-iimpok, at pagkonsumo.



## *Subukin*

**PANIMULANG GAWAIN: PAGTATAYA**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang pinakamahalagang pinagagamitan ng pera?
   a. ginagamit sa pagpapalago ng negosyo
   b. ginagamit upang maubos at kumita pa ng mas maraming pera
   c. ginagamit sa pagbili ng mga bagay na kinakailangan upang matugunan ang pangangailangan at kagustuhan.
   d. ginagamit upang matupad ang mga pangarap sa buhay

2. Ang pagkonsumo ng salapi ay kinakailangan ng matalinong pag-iisip at pagdedisisyon upang _______________.
   a. mapakinabangan nang husto at walang nasasayang
   b. mabili lahat ang pangangailangan at kagustuhan
   c. matupad lahat ang mga pinapangarap at inaasam sa buhay
   d. maging masaya at makuntento sa araw araw na buhay

3. Ito ay halagang tinatanggap ng tao kapalit ng produkto o serbisyong kanilang ipinagkaloob.
   a. pondo
   b. ipon
   c. regalo
   d. kita

4. Sa mga nagtatrabaho o mga empleyado, ano ang tawag sa natatanggap nilang kita?
   a. komisyon
   b. suweldo o sahod
   c. renta
   d. ganansiya o interest

5. Ayon kay Roger E. A. Farmer (2002) and *savings* daw ay paraan sa pagpapaliban ng __________?
   a. pagkukuwenta
   b. pag-iimpok
   c. paggastos
   d. pagkonsumo

6. Ang ipon na ginamit upang kumita ay tinatawag na _____________?
   a. *investment*
   b. *savings*
   c. *financial asset*
   d. *stocks*

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi maaaring paglagakan o pag-lagyan ng ipon?
   a. *financial asset*
   b. *stocks*
   c. kontrata
   d. *mutual bonds* at *bonds*

8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang <u>hindi</u> kabilang sa kahalagahan ng *savings*?
   a. upang may mailagak sa mga financial intermediaries tulad ng bangko
   b. upang magamit ng mga bangko ang ipon ng mga indibiduwal sa pagpapautang at pagpapahiram sa mga gustong mag-loan
   c. upang maitago nang matagal ang pera at hindi ito magagastos
   d. upang ang mga nag-loan ay magagamit ang nahiram sa pagpapalago ng kanilang mga asset at mga negosyo

9. Kung ang iyong ipon na pera ay itatago lamang sa alkansiya, hindi ito kikita at maari pang lumiit ang halaga nito dahil sa _______.
   a. Implasyon
   b. Kakulangan
   c. Kakapusan
   d. Debalwasyon

10. Ang mga sumusunod ay makakapagbibigay ng mahahalagang impormasyon upang makilala mo ang iyong bangko. Alin ang hindi kabilang?
    a. Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)
    b. Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)
    c. Security and Exchange Commission (SEC)
    d. Department of Finance (DF)

11. Alin ang <u>hindi</u> kabilang sa mga *bank records?*
    a. *passbook*
    b. *contract details*
    c. Automated Teller Machine (ATM) card
    d. *certificate of time deposits* (CTD)

12. Magkanong halaga ang ginagarantiyahan ng Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)?
    a. 300,000.00
    b. 400, 000.00
    c. 500, 000.00
    d. 600,000.00

13. Ang *fraudulent accounts* (dinayang account), *laundered money,* at mga *investment products* at depositong produkto na nagmula sa iligal na gawain ay tinatawag na __________.
    a. *liabilities*
    b. *unsound* banking practices
    c. *scam*
    d. *laundering*

14. Halimbawang ikaw ay may ipon na limamg libong peso (5,000.00) sa bangko, ano ang pinakamainam mong gawin upang lumago ito?
    a. ilagay sa mga investment programs ng bangko
    b. manatiling savings account ng bangko upang hindi magastos or mawala ang ipon
    c. gawing puhunan sa uumpisahang negosyo
    d. ipapautang ito upang kumita ng interes

15. Saan nanggagaling ang lupa, lakas paggawa, capital at kakayahang entrepreneur bilang mga salik ng produksyon?
    a. bangko
    b. industriya
    c. sambahayan
    d. pamahalaan

# Aralin 1 Ugnayan ng Kita, Pag-iimpok at Pagkonsumo



## *Balikan*

***Gawain A: Ano sa iyo?*** Ibigay ang sariling pakahulugan sa mga sumusunod na konsepto. Gawin ito sa sagutang papel.

Para sa akin ang kita ay ________________________________________.

Ang pagkonsumo ay ________________________________________.

Ang pag-iimpok ay ________________________________________.



***Mga Tala para sa Guro***

Dito ang guro ay magbibigay ng pagpapaunawa sa gagawing pag-aaral sa modyul na ito. Lagi niyang paaalalahanan ang mag-aaral sa mga dapat gawin at sinisiguro na naiintindihan ng mag-aaral ang mga aralin at gawain sa modyul na ito. Dito ay iwawasto ng guro ang mga tapos nang gawain ng mag-aaral. Lagi niyang tatanungin ang mag-aaral sa kanyang ginagawa at gagabayan sa mga hindi niya naiintindihan.



# *Tuklasin*


***Gawain B: Mangarap Ka at Tuparin***

**Sitwasyon**: Mayroon ka lamang P50$^{.00}$ na allowance bawat araw. Gusto mong magkaroon ng ipon na isang daan at limampung piso (150$^{.00}$) bawat lingo, ano ang mga dapat mong gawin upang matupad ito? Sagutin ang mga tanong sa ibaba upang maisagawa ang Gawain. Isulat sa sagutang papel.

1. Paano mo iipunin ang P150$^{.00}$ bawat linggo?
   Sagot:______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Paano ang gagawing mong paggastos sa P50$^{.00}$ mong *allowance* bawat araw?
   Sagot:______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Anu-ano ang iyong maaring gawing paraan upang magkaroon ng kita upang mabuo ang nais na ipon?
   Sagot:______________________________________________________________
   ______________________________________________________________



## *Suriin*

*Sa bahaging ito ng modyul, iyong lilinangin ang mga kaisipan/kaalaman na tutulong sa iyo upang higit na maintindihan ang paksang-aralin. Dito tinitiyak na ikaw ay maihahanda upang tiyak ang iyong pang-unawa sa mga impormasyong kinakailangan maunawaan. Sa bahaging ito ay magkakaroon ka ng mahahalagang ideya sa mga konsepto ng kita, pag-iimpok at pagkonsumo. Inaasahang magagabayan ka ng mga inihandang babasahin at gawain upang maintindihan mo paano ang kaugnayan ng kita, ipon at paggasta o pagkonsumo. Halika at umpisahan na ang masayang pagbabasa at pang-unawa sa paksa.*

**UGNAYAN NG KITA, PAG-IIMPOK, AT PAGKONSUMO**

Nakahawak ka na ba ng malaking halaga ng pera? Sabihin na nating isang libong piso o higit pa. Paano mo iyon pinamahalaan? May mga tao na kapag nakakahawak ng pera ay nag-iisip kung papaano ito palalaguin. Mayroon namang *impulsive buyer*, basta may pera bili lang nang bili hanggang sa maubos ito. At kung wala nang pera, saka maaalala kung ano ang kaniyang pangangailangan. Alin ka sa mga halimbawang nabanggit kapag ikaw ay may hawak na pera? Ano para sa iyo ang pera at paano ito dapat gamitin?

Ang pera, katulad ng ating mga pinagkukunang-yaman, ay maaaring maubos. Ang pera ay ginagamit sa pagbili ng mga bagay na kinakailangan upang mapunan ang pangangailangan at kagustuhan ng mga tao. Ang pagkonsumo gamit ang salapi ay kinakailangan din ng matalinong pag-iisip at pagdedesisyon upang mapakinabangan nang husto at walang nasasayang.

Ang pinanggagalingan ng pera ng maraming tao ay ang kanyang kita. Ang kita ay halagang tinatanggap ng tao kapalit ng mga produkto o serbisyong kanilang ibinigay. Sa mga nagtatrabaho, ito ay suweldo na kanilang tinatanggap. Ang kita ay maaring gastusin sa mga pangangailangan at kagustuhan at iba pang mga bagay na kinukonsumo. Maliban sa paggasta ng pera, mayroong pang ibang bagay na maaring gawin dito. Maari itong itabi o itago bilang *savings* o ipon.

Sa "Macroeconomics" ni Roger E. A. Farmer (2002), sinabi niya na ang *savings* ay paraan ng pagpapaliban ng paggastos. Ayon naman kina Meek, Morton at Schug (2008), ang ipon o *savings* ay kitang hindi ginamit sa pagkonsumo, o hindi ginastos sa pangangailangan. Ang ipon na ginamit upang kumita ay tinatawag na *investment*. Ang *economic investment* ay paglalagak ng pera sa negosyo. Ang isang indibidwal ay maaari ring maglagay ng kanyang ipon sa mga *financial assets* katulad ng *stocks*, *bonds*, o *mutual funds*.


Bakit ba kailangan ng *savings*? Ano ba ang halaga nito? Ang pera na iyong naipon bilang savings ay maaaring ilagak sa mga *Financial Intermediaries* tulad ng

mga bangko. Ang mga bangko at iba pang *financial intermediaries* ay nagsisilbing tagapamagitan sa nag-iipon ng pera at sa nais umutang o mag-*loan*. Ang umuutang o *borrower* ay maaaring gamitin ang nahiram na pera sa pagbili ng *asset* (pagmamay-ari) na may ekonomikong halaga o bilang karagdagang puhunan. Ang pera na iyong inilagak sa mga institusyong ito ay maaaring kumita ng interes o dibidendo.


Kung itatago mo nang matagal na panahon sa alkansiya ang iyong pera, hindi ito kikita at maaari pang lumiit ang halaga dahil sa implasyon. Ang implasyon ay ang pagtaas ng pangkalahatang antas ng mga presyo ng mga kalakal (goods) at mga serbisyo sa isang ekonomiya. Bukod dito, dahil sa pagtatago mo at nang maraming tao ng pera sa alkansya, maaaring magdulot ng kakulangan sa *supply* ng salapi sa pamilihan. Makabubuti kung ilalagak ang salapi sa matatag na bangko o iba pang *financial intermediaries* upang muling bumalik sa pamilihan ang salaping inimpok.

Suriin ang pigura sa ibaba.

***MODELONG DALOY NG UGNAYAN NG KITA, PAG-IIMPOK AT PAGGASTA/PAGKONSUMO***



***MODELONG DALOY NG UGNAYAN NG KITA, PAG-IIMPOK AT PAGGASTA/PAGKONSUMO***




***Paalala: Ang dalawang modelo ay pareho lamang. Ang nasa itaas ay ilustrasyon gamit ang larawan at ang nasa ibaba ay ilustrasyon gamit ang krokis o dayagram.***

**Pamprosesong Tanong: Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.**

1. Ano ang pakakaiba ng kita, pagkonsumo, at pag-iimpok?
2. Ano ang papel na ginagampanan ng *financial intermediaries*?
3. Kung ikaw ay mag-iimpok, ano ang maaaring pakinabang mo dito?

Tunghayan ang ugnayan ng Kita, Ipon at Paggasta/Pagkonsumo: Batay sa binasang teksto, paano nagaganap ang ugnayan ng kita, ipon at paggasta? Isulat sa saguatng papel ang mga sagot.

Mga Gabay na Tanong:

1. Sa iyong sariling pagkakaintindi sa modelong daloy ng ugnayan ng kita, ipon at pagkonsumo, ano ang kaugnayan ng Naimpok (Savings) sa Financial Intermediaries sa utang (loans)?

Sagot:________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.

2. Ano ang kaugnayan ng Utang (Loans) sa Nangungutang sa Financial Intermediaries?


Sagot:________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.

3. Ano ang kaugnayan ng Pag-aari (Assets) sa Financial Intermediaries sa *Interest* at Dibidendo?

Sagot:________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.

4. Ano ang kaugnayan ng *Interest* at Dibidendo sa Nag-iimpok at sa Naimpok (Savings)?

Sagot:________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.




**7 HABITS OF A WISE SAVER**

**1. Kilalanin ang iyong bangko.**

Alamin kung sino ang may-ari ng iyong bangko – ang taong nasa likod at namamamahala nito. Magsaliksik at magtanong tungkol sa katayuang pinansiyal at ang kalakasan at kahinaan ng bangko. Ang Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC), Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), Securities and Exchange Commission (SEC), at ang *website* ng bangko, dyaryo, magasin, telebisyon, at radyo ay makapagbibigay ng mga impormasyong kailangan mong malaman.

**2. Alamin ang produkto ng iyong bangko.**

Unawain kung saan mo inilalagay ang iyong perang iniimpok. Huwag malito sa i*nvestment* at *regular* na deposito. Basahin at unawain ang kopya ng *term and conditions*, at huwag mag-atubiling linawin sa mga kawani ng bangko ang anumang hindi nauunawaan.

**3. Alamin ang serbisyo at mga bayarin sa iyong bangko.**

Piliin ang angkop na bangko para sa iyo sa pamamagitan ng iyong pangangailangan at itugma ito sa serbisyong iniaalok ng bangko. Alamin ang sinisingil at bayarin sa iyong bangko.

**4. Ingatan ang iyong bank records at siguruhing up-to-date.**

Ingatan ang iyong *passbook*, *automated teller machine* (ATM) *card*, *certificate of time deposit* (CTD), *checkbook* at iba pang *bank record* sa lahat ng oras. Palaging i-*update* ang iyong *passbook* at CTDs sa tuwing ikaw ay gagawa ng transaksiyon sa bangko. Ipaalam sa bangko kung may pagbabago sa iyong *contact details* upang maiwasang maipadala ang sensitibong impormasyon sa iba.

**5. Makipagtransaksiyon lamang sa loob ng bangko at sa awtorisadong kawani nito.**

Huwag mag-alinlangang magtanong sa kawani ng bangko na magpakita ng *identification card* at palaging humingi ng katibayan ng iyong naging transaksiyon.

**6. Alamin ang tungkol sa PDIC *deposit insurance*.**


Ang PDIC ay gumagarantiya ng hanggang Php500, 000 sa deposito ng bawat *depositor*. Ang *fraudulent account* (dinayang *account*), *laundered money*, at mga *investment product* at depositong produkto na nagmula sa iligal at *unsound banking practices* ay hindi kabilang sa segurong (*insurance*) ibinibigay ng PDIC.


**7. Maging maingat.**


Lumayo sa mga alok na masyadong maganda para paniwalaan. Sa pangkalahatan, ang sobra-sobrang interes ay maaaring mapanganib. Basahin ang Circular 640 ng Bangko Sentral ng Pilipinas para sa iba pang impormasyon tungkol dito.

# *Pagyamanin*

**Gawain A. Four- Square Graphic Organizer.**
Ibigay ang hinihinging konsepto sa bawat kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.










**Gawain B. Concept Map:**

Ibigay ang hinihinging gawi ng isang matalinong nag-i-impok. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**7 HABITS OF A WISE SAVER**



# Isaisip

**Mga mahahalagang kaalaman na dapat tandaan:**

1. Ang pera ay tulad ng ating pinagkukunang yaman ay maaaring maubos.

2. Ang pagkonsumo gamit ng pera o salapi ay kinakailangan din ng matalinong pag-iisip at pagdedesisyon upang mapakinabangan ito nang husto at walang nasasayang.

3.Ang kita ay halagang natatanggap ng tao kapalit ng produkto o serbisyong ibinibigay. Ang tawag sa tinatanggap ng mga empleyado ay suweldo o sahod.

4. Merong pang ibang bagay ang gamit ng pera bukod sa paggasta. Ito ay maaring itabi o itago bilang *savings* o ipon.

5. Ayon kay Roger E.A. Farmer sa kanyang aklat na Macroeconomics 2002, ang *savings* daw ay paraan ng pagpapaliban ng paggastos.

6. Ayon naman kina Meek, Mortar at Schrug (2008) ang ipon o savings ay kitang hindi ginamit sa pagkonsumo o hindi ginastos sa pangangailangan.

7. Ang investment ay ipon na ginamit upang kumita.

8. Ang economic investment ay paglalagak ng pera sa negosyo.

9. Ang isang tao ay maaaring maglagak ng ipon sa mga financial assets tulad ng stocks, bonds o mutual funds.

10.Ang mga bangko ay tinatawag din na mga *financial intermediaries* ay nagsisibilbing tagapagitan sa mga nag-iipon ng pera at sa mga nais umutang o mag-loan.

11. Ang mga umu-utang o borrowers ay maaaring gamitin ang nahiram na pera o salapi sa pagbili ng *asset* (pagmamay-ari) na may ekonomikong halaga o kakayahang gamitin para sa karagdagang puhunan.

12. Ang pera na naipon o nailagak sa mga bangko o *financial intermediaries* ay maaring kumita ng *interest* o dibidendo.

13. Kung itatago nang matagal na panahon ang inyong pera sa alkansiya hindi ito kikita at maaaring lumiit ang halaga nito dahil sa implasyon.

14. Ang implasyon ay ang patuloy na pagtaas ng halaga ng mga bilihin at magpapababa sa halaga ng pera.


15. Ang pagtatago ng pera nang matagal na panahon sa alkansiya ay magdudulot ng kakulangan ng suplay ng pera sa sirkulasyon.

## *Isagawa*

**Gawain 1- ANO KA?** Ano ang impulse buying? Ikaw ba ay isang impulsive buyer? Oo o Hindi? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sagot:____________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
_________________________________________________________________.

**Gawain 2- Pagsusuring Pansarili (Self-Reflection):** Lagyan ng **tsek (√)** ang mga pahayag tungkol sa paghawak at pag-i-ingat ng pera batay sa iyong antas ng pagsang-ayon. Ang pagsusuri sa sarili ay nakakatulong upang magkaroon ka ng balanseng pananaw sa pera. Gawin ito sa sagutang papel.



| **Mga pahayag tungkol sa pag-hawak at pag-i-ingat ng pera** | Sumasang-ayon | Hindi Tiyak | Di Sumasang-ayon |
|---|---|---|---|
| 1. Natutukso ako sa mga alok na biglang-yaman. | | | |
| 2. Kuripot ako pagdating sa pera. | | | |
| 3. Ang mga kaibigan ko ay mga taong bukambibig ang pera at ang mga pag-aari nila. | | | |
| 4. Nagsisinungaling ako o nandaraya para magkapera. | | | |
| 5. Pakiramdam ko importante ako dahil sa pera. | | | |
| 6. Laging pera ang laman ng isip ko. | | | |
| 7. Nakasasama sa pamilya't kalusugan ko ang saloobin ko sa pera. | | | |
| 8. Tumutukso sa puso ko ang pag-ibig ko sa pera. | | | |
| 9. Mas mahalaga ang pamilya ko kaysa sa pera. | | | |
| 10. Ako ay may balanseng pananaw sa pera lalo sa pagbili ng mga pangunahing pangangailangan. | | | |
| 11. Bumibili ako ng gamit na hindi kailangan o pwedeng ipagpaliban. | | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

Ayon sa mga naging kasagutan sa Gawain, ano ang natuklasan mo sa iyong sarili tungkol sa paghawak at pag-iingat mo sa pera? Ipaliwanag ang iyong kasagutan sa sagutang papel.

Sagot:

________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
____________________________________________________________________.



# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang pinakamahalagang pinagagamitan ng pera?

    a. ginagamit sa pagpapalago ng negosyo
    b. ginagamit upang maubos at kumita pa ng mas maraming pera
    c. ginagamit sa pagbili ng mga bagay na kinakailangan upang matugunan ang pangangailangan at kagustuhan
    d. ginagamit upang matupad ang mga pangarap sa buhay

2. Ang pagkonsumo ng salapi ay kinakailangan ng matalinong pag-iisip at pagdedisisyon upang _______________.

    a. mapakinabangan nang husto at walang nasasayang
    b. mabili lahat ang pangangailangan at kagustuhan
    c. matupad lahat ang mga pinapangarap at inaasam sa buhay
    d. maging masaya at makuntento sa araw araw na buhay

3. Ito ay halagang tinatanggap ng tao kapalit ng produkto o serbisyong kanilang ipinagkaloob.

    a. pondo
    b. ipon
    c. regalo
    d. kita

4. Sa mga nagtatrabaho o mga empleyado, ano ang tawg sa natatanggap nilang kita?

    a. komisyon
    b. suweldo o sahod
    c. renta
    d. ganansiya o interest

5. Ayon kay Roger E. A. Farmer (2002) ang *savings* daw ay paraan sa pagpapaliban ng __________?

    a. pagkukuwenta
    b. pag-iimpok
    c. paggastos
    d. pagkonsumo

6. Ang ipon na ginamit upang kumita ay tinatawag na _____________?

    a. investment

b. savings
c. financial asset
d. stocks

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi maaaring paglagakan or paglagyan ng ipon?

a. *financial asset*
b. *stocks*
c. kontrata
d. *mutual bonds* at *bonds*

8. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang <u>hindi</u> kabilang sa kahalagahan ng savings?
a.upang may mailagak sa mga financial intermediaries tulad ng bangko
b.upang magamit ng mga bangko ang ipon ng mga indibiduwal sa pagpapautang at pagpapahiram sa mga gustong mag-loan
c.upang maitago nang matagal ang pera at hindi ito magagastos
d.upang ang mga nag-loan ay magagamit ang nahiram sa pagpapalago ng kanilang mga asset at mga negosyo

9. Kung ang iyong ipon na pera ay itatago lamang sa alkansiya, hindi ito kikita at maari pang lumiit ang halaga nito dahil sa _______.

a. Implasyon
b. Kakulangan
c. Kakapusan
d. Debalwasyon

10. Ang mga sumusunod ay makakapagbibigay ng mahahalagang impormasyon upang makilala mo ang iyong bangko. Alin ang hindi kabilang?

a. Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)
b. Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)
c. Security and Exchange Commission (SEC)
d. Department of Finance (DF)

11. Alin ang hindi kabilang sa mga ***bank records?***

a. *passbook*
b. *contract details*
c. Automated Teller Machine (ATM) *card*
d. *certificate of time deposits*

12. Magkano ang halaga na ginagarantiyahan ng Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)?

a. 300,000.00
b. 400, 000.00
c. 500, 000.00
d. 600,000.00

13. Ang *fraudulent accounts* (dinayang account), *laundered money*, at mga *investment products* at depositong produkto na nagmula sa hindi ligtas na bagay ay tinatawag na ___________.

a. *liabilities*
b. *unsound banking practices*
c. *scam*
d. *laundering*

14. Halimbawang ikaw ay may ipon na limamg libong peso (5,000.00) sa bangko, ano ang pinakamainam mong gawin upang lumago ito?

    a. ilagay sa mga investment programs ng bangko
    b. manatiling savings account ng bangko upang ligtas
    c. gawing puhunan sa uumpisahang negosyo
    d. ipapautang ito upang kumita ng interes

15. Saan nanggagaling ang lupa, lakas paggawa, capital at kakayahang *entrepreneur* bilang mga salik ng produksyon?

    a. bangko
    b. industriya
    c. sambahayan
    d. pamahalaan



## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 1: Iguhit Mo!** Kung ikaw ay isang bagay o simbolo na maikukumpara tungkol sa pag-iingat at paggasta mo sa iyong pera, anong bagay o simbolo ka? Iguhit at ipaliwanag bakit ito ang sumisimbolo sa iyo. Gawin ito sa sagutang papel.

| Sagot: |
|---|
| |

**Gawain 2:** Bumuo ng maikling katha, tulad ng kanta, tula o sanaysay, na naglalarawan sa iyo sa paghawak, paggasta at pag-iingat mo sa iyong pera. Gawin ito sa sagutang papel.

Sagot:


**RUBRIK sa Pamantayan ng Pagmamarka:**


| Kriterya | Napakalinaw (15pts) | Lubhang malinaw (10pts) | Hindi malinaw (5pts) |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | | | |
| **Mensahe** | | | |
| **Pagkakabuo** | | | |

**Gawain 3: PIE CHART TAYO!:** Kung ipapakita sa pie chart or graph ang iyong kita (allowance), ipon, at paggasta, ano ang bahagdan ng bawat isa. Isang daang porsyento (100%) ang kabuuan ng tatlo. Gawin ito sa sagutang papel.

Kita (Allowance) ___________ %
Ipon ___________ %
Paggasta ___________ %

Sagot:





# *Susi sa Pagwawasto*

Pagyamanin: Gawain B: Concept Map

7 HABITS OF WISE SAVER

1.Kilalanin ang bangko
2.Alamin ang mga produkto ng bangko
3.Alamin ang mga serbisyo at mga bayarin sa bangko
4.Ingatan ang record sa bangko at siguraduhing up-to-date
5.Makipagtransaksyon lamang sa loob ng bangko at sa awtorisadong kawani
6.Alamin ang tungkol sa PDIC *deposit insurance*
7.Maging maingat

**Pagtataya**

**1. C**
2. A
3. D
4. B
5. C
6. A
7. C
8. C
9. A
10. D
11. B
12. C
13. B
14. C
15. C

**Subukin**

1. C
2. A
3. D
4. B
5. C
6. A
7. C
8. C
9. A
10. D
11. B
12. C
13. B
14. C
15. C

## ***Sanggunian***


Balitao, et. al. *Ekonomiks 9 Laerning Modules 9* , 259- 269

*https://www.jw.org/tl/library/magasin/g201509/payo-bibliya-tungkol-sa-pera/*

***https://www.akoaypilipino.eu/lifestyle/ilang-tips-sa-pagtitipid-at-pag-iimpok/***

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph